TAGALOG

# Advance Care Directive sa South Australia

## Ginagawang malinaw ang iyong mga kagustuhan sa pangangalaga ngayon, kung sakaling hindi mo magawa sa kinabukasan.

Ang Advance Care Directive ay nagbibigay sa mga nangangalaga para sa iyo ng isang malinaw na pag-unawa ng iyong mga kinakailangan at kagustuhan kung sakaling mawala ang iyong kakayahang ipabatid ang mga ito sa kanila.

Maaaring dumating ang panahon na hindi ka makagawa ng desisyon o maayos na maipahayag ang iyong mga kagustuhan kung paano mo gustong mapangalagaan o tratuhin.

Maaaring ito ay sanhi ng ilang mga kadahilanan kabilang ang:

- isang aksidente o kaganapan ng kalusugan sa isip
- dementia o magkaparehong kondisyon
- isang biglaang matinding atake o
- dahil wala kang malay o nasa isang koma.

Maaari itong mangyari sa anumang edad o yugto ng buhay. Kung mangyari ito, paano mo gustong magawa ang mga desisyong para sa iyo tungkol sa iyong umiiral na pangangalaga sa kalusugan, mga kaayusan sa pamumuhay at iba pang mga bagay na personal? At, sino ang gusto mong gagawa ng mga desisyong iyon para sa iyo?

## Ang Advance Care Directive

Ang bagong Advance Care Directive ay isang mahalagang hakbang na pasulong sa pag-paplano ng iyong pangangalaga sa kalusugan.

Ang bagong Advance Care Directive papalit sa umiiral na Enduring Power of Guardianship, Medical Power of Attorney at Anticipatory Direction gamit ang nag-iisang Porma ng Advance Care Directive.

## Ano ang pinahihintulutan nitong magawa ko?

Das neue Advance Care Directive ermöglicht Ihnen:

- isulat ang iyong mga kahilingan, kagustuhan at mga tagubilin para sa iyong hinaharap na pangangalaga ng kalusugan, katapusan ng buhay, kaayusan sa Pamumuhay at mga bagay na personal; at/o
- humirang ng isa o higit pang mga Kapalit na Magdedesisyon upang gumawa ng mga desisyong ito sa ngalan mo, kung hindi mo magawa ang mga ito.

## Bakit ko kailangan nito?

Ito ay magbibigay sa iyo ng kapayapaan ng isip na alam ng mga nag-aalaga sa iyo ang iyong kagustuhan, kung hindi mo makayang gumawa ng sarili mong mga desisyon o maipahayag ang iyong mga kagustuhan at mga prinsipyo.

Creation Date: August 2023

## Ano ang laman ng Kit?

Ang Kit ay may laman na Porma ng Advance Care Directive at isang bai-baitang na gabay na nagbibigay sa iyo ng lahat ng mga bagay na kinakailangan mo upang makumpleto ang iyong Porma ng Direktiba sa Paunang Pangangalaga.

Kabilang dito ang: mga halimbawang pahayag, impormasyon para sa mga Kapalit na Magd-edesisyon, mga saksi at mga tagapagsalin, mga papel kaalaman at iba pang mga mapagkukunan at mga link.

## Saan ko maaaring makuha ang Porma ng Advance Care Directive at Kit?

Magpunta sa website ng Advance Care Directives: www.advancecaredirectives.sa.gov.au

Dito ay maaari kang:

b) Kumpletuhin ang isang interactive na Porma sa online na gabayan ka sa proseso ng LIBRE

c) Bumili ng isang nakalimbag na kopya (hard copy) ng Porma at Kit na ipapadala sa isang hinirang na address.

- Pumunta sa isang Service SA Centre upang bumili ng isang nakalimbag na kopya ng Porma at Kit, o tumawag sa Service SA sa 13 23 24 sa oras ng negosyo upang mag-order ng isang nakalimbag na kop na ipapadala sa isang hinirang na address.
- Upang hanapin ang iyong pinakamalapit na Service SA Centre magpunta sa www.sa.gov.au/directories/customer-service-centres.

## Para sa karagdagang impormasyon

Ang website ng Advance Care Directive ay may karagdagang impormasyon, mga papel kaalaman, mga mapagkukunan at mga link upang matulungan kang makakumpleto sa iyong Advance Care Directive Form.

Magbisita sa www.advancecaredirectives.sa.gov.au
at ipaalam ang iyong mga pagpipilian sa kalusugan at buhay.

Ang Legal Services Commission ay maaaring magbigay ng payo at saksihan ang iyong Advance Care Directive Form nang walang bayad.
Telepono 1300 366 424

**Pagpapasalamat:** Ang mapagkukunang ito ay binuo ng Palliative Care South Australia (PCSA) at Multicultural Communities Council of SA (MCCSA) bilang bahagi ng The Palliative Care Research Collaborative Project, pinangunahan ng Adelaide Uni at sinuportahan ng pagpopondo mula sa The Hospital Research Foundation Group – Palliative Care.

Ang impormasyon sa mapagkukunang ito ay hango sa www.advancecaredirectives.sa.gov.au